

## **Ang Rehiyonal na Konsehal ng Brampton na si Rowena Santos ay muling nahalal sa FCM Board**

BRAMPTON, ON (Hunyo 7, 2022) – Sa Taunang Pangkalahatang Pagpupulong nito. Inanunsyo ng Federation of Canadian Municipalities (FCM) na si Rehiyonal na Konsehal na si Rowena Santos ay muling nahalal sa Board of Directors nito para sa isang taon na termino, mula 2022 hanggang 2023.

Ang FCM ay naging pambansang boses ng munisipal na pamahalaan ng Canada mula 1901. Kabilang sa mga miyembro ang higit sa 2,000 munisipalidad mula sa buong bansa, na kumakatawan sa higit sa 90 porsyento ng lahat ng Canadian. Ang Taunang Kumperensya at Trade Show ng Federation of Canadian Municipalities ay ginanap sa isang pormat na magkahalong face to face at online (hybrid) mula Hunyo 2 hanggang 5, na ang tema ng taon na ito *Together for Recovery o Magkasama para sa Pagbangon*, na nagpapalakas sa mahalagang papel ng mga munisipalidad bilang mga tagamaneho ng isang malakas at nagsasali sa lahat na pagbangon.

Ang Kumperensya ay nagbigay ng pagkakataon para matalakay ng Lungsod ng Brampton ang mahalagang usapin at para itaguyod ang suporta at pondo mula sa Pamahalaang Pederal para sa sumusunod:

- Isang commitment na gumawa ng mas magandang transportasyon;
- Sustenableng pondo para ipatupad ang imprastruktura at programa ng aktibong transportasyon;
- Mga pamumuhunan para pasulungin ang pag-angkop at pagka-madaling nakakabangon sa climate change; at,
- Mga pamumuhunan sa pag-unlad at pagbangon, mga trabaho at pag-asenso.

Ang mas maraming impormasyon tungkol sa adbokasiya ng Lungsod ay makikita sa [website ng Lungsod ng Brampton](#).

### **Mga Quote**

“Isang malaking karangalan na maglingkod sa FCM Board of Directors para sa isa pang termino kasama ang isang team ng mga lider ng mga munisipalidad sa buong bansa. Sa FCM, pinapalakas namin ang mga pagtutulungan para isalin ang mga ideya tungo sa mas malakas na mga ekonomiya at mas magandang buhay para sa mga tao, at patuloy akong magtataguyod sa mga mahalagang prayoridad na pinaka-mahalaga para sa mga residente ng Brampton. Ang FCM Board of Directors ay magpapatuloy sa pagsasaliksik sa kung ano ang kailangan ng mga lungsod at mga residente na umabante sa ating pagbangon, at bumuo ng sustenable, madaling nakakabangon at mas magandang kinabukasan para sa ating lahat.”

- Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Lungsod ng Brampton

“Sa ngalan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton, binabati ko si Konsehal Santos sa pagkahalal na maglingkod sa FCM Board of Directors para sa isa pang taon. May tiwala ako na ang pagiging determinado at commitment ni Rowena ay magpapatuloy para pasulungin ang ginagawang trabaho ng Konseho at nagtitiyak na ang mga boses ng mga residente ng Brampton at Peel ay naririnig.”

- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton  
[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)